

PINAKABAGONG PAGPAPAYO SA MGA DAYUHANG KASAMBAHAY AT MGA AMO – ANG MGA FDW AY PINAKIKIUSAPANG MANATILI SA BAHAY SA ARAW NG MGA PAHINGA

Ang Kagawaran ng Manggagawa ay nag-anunsyo noong ika-20 ng Marso 2020 na ang Singapore ay magpapatupad ng mas mahigpit na mga hakbang ukol sa ligtas na pagdistansya upang mabawasan ang peligro ng mas maraming lokal na transmisyon ng COVID-19. Ang mga hakbang na ito ay magiging paraan upang limitahan ang malapitang pagdikit at malakihang mga pagtitipon ng mga tao nang malapitang distansya sa isa't isa sa loob ng mahabang oras.

2. Ang mga Foreign domestic workers (FDWs) Dayuhang kasambahay ay inaasahang ganon din ang isasagawa na sumunod na ugaliing gawin ang ligtas na pagdistansya sa araw ng kanilang mga pahinga. Ang Kagawaran ng Manggagawa (MOM) Centre for Domestic Employees (CDE) and Foreign Domestic Worker Association for Social Support and Training (FAST) ay nais magbahagi ng mga sumusunod na inirekomendang mga hakbang sa pagdistansya sa pakikihalubilo sa mga FDW at mga amo.

Mga Pagpapayo sa araw ng mga pahinga

3. Ang mga FDW ay pinapayuhang gamitin ang kanilang araw ng pahinga sa loob ng bahay sa panahong ito. Ang mga FDW na may lalakaring bagay sa labas na pupuntahan ay hinihikayat na gawin na lang ito sa pagitan ng Lunes at Biyernes kung saan ang mga pampublikong lugar ay hindi matao. Kung ang mga FDW ay pumayag na manatili sa bahay sa araw ng kanilang pahinga, ang mga amo ay hindi sila dapat bigyan ng mga gagawing trabaho sa araw ng kanilang pahinga. Para sa mga FDW na nakipagkasundo sa mga amo nila na huwag kuhanin ang kanilang araw ng pahinga, ang mga amo ay dapat magbayad sa kanila ng kompensasyon para sa di paggamit ng araw ng pahinga.

Ang pagdistansya sa maraming tao sa mga araw ng pahinga

4. Kung ang mga FDW ay nais lumabas sa araw ng pahinga, dapat silang:

- Umiwas sa mga malalaking grupo ng pagtitipon o untian ang oras ng ipaglalagi sa mga lugar gaya ng Lucky plaza, City Plaza, Peninsula Plaza;
- Gawin ang mabuting personal na kalinisan, bawasan ang pisikal na pagdikit sa tao sa paraan na huwag makipagkamay at panatilihin ang ligtas na distansya mula sa bawat isa; at
- Iwasang magsama sa mga pagkain, inumin at iba pang mga personal na bagay.

Ang mga amo ay dapat paalalahanan ang kanilang mga FDW ng mga nabanggit na mga hakbang bago sila lumabas para sa kanilang mga araw ng pahinga. Dapat ring ugaliing gawin ng mga FDW ang responsibilidad sa pakikisalamuha sa pagmonitor ng kanilang sariling kondisyong pangkalusugan. Dapat silang magpatingin sa doktor kung masama ang kanilang pakiramdam. Hindi sila dapat lumabas upang maiwasan ang pagkalat ng mga sakit sa ibang tao.

5. Hinihikayat namin ang mga amo at mga FDW na panatilihin bukas ang komunikasyon nila sa isa't isa lalong-lalo na sa panahong ito. Regular na bumisita sa MOH's website at www.moh.gov.sg para makabalita ng pinakabago at mga pinakasariwang kaganapan.

**MINISTRY OF MANPOWER, CENTRE FOR DOMESTIC EMPLOYEES & FOREIGN DOMESTIC WORKER
ASSOCIATION FOR SOCIAL SUPPORT AND TRAINING**